# News Release

## Magpareserba ng inyong mesa para sa summer edition ng Vaughan Flavours!

*Masiyahan sa masasarap na pagkaing may tatlong putahe sa 20 kalahok na lokal na restaurant mula Hulyo 24 hanggang Agosto 7*

**VAUGHAN, ON (Hunyo 24, 2026)** – Mas lalong sumarap ang iyong summer! Mula Biyernes, Hulyo 24 hanggang Biyernes, Agosto 7, masiyahan sa mas maraming lasa mula sa iba't ibang panig ng mundo habang sinusuportahan ang mga lokal na restaurant sa summer edition ng Vaughan Flavours.

Magpa-book ng inyong mesa ngayon upang matikman ang mga set ng pagkaing may tatlong putahe na nagkakahalaga mula $20 hanggang $55 para sa tanghalian at $25 hanggang $75 para sa hapunan sa mga sumusunod na restaurant:

- 9baci – 10200 Keele St.
- Aiyla Turkish Cuisine – 10385 Weston Rd., Unit 7B
- Anna and Lucio's Trattoria – 9401 Jane St., Unit 119
- Castello Ristorante – 3600 Langstaff Rd., Unit 12
- Cai Gac-Mang-Re – 4300 Steeles Ave. W., Unit 29
- Chic Pick Catering and Restaurant – 160 Cidermill Ave., Unit 6
- Creole Jamaican Kitchen and Bar – 7887 Weston Rd., Unit 7
- Drunch Kitchen and Wine – 9200 Bathurst St., Unit D6
- Edo Japan – 3737 Major Mackenzie Dr., Unit 103
- Favoloso Ristorante – 9200 Weston Rd., Unit 21
- Gran Gusto Ristorante e Pizzeria – 3883 Highway 7, Unit 6
- Krave Indian – 6150 Highway 7, Unit 4
- La Vecchia – 8700 Bathurst St.
- Lumina Bistro – 10 Strada Dr., Unit 7
- Mastro Roberto Trattoria and Pizzeria – 7887 Weston Rd., Unit 8
- Pho Blossom Eatery – 3737 Major Mackenzie Dr., Unit 108
- State and Main – 3584 Major Mackenzie Dr.
- That's Italian Ristorante – 2 Tall Grass Trail, Unit 4
- The Vaughan City Grill – 211 Marycroft Ave., Unit 4
- Trio Restaurant and Bar – 200 Bass Pro Mills Dr.

Nag-aalok ang summer edition ng Vaughan Flavours ng mga pagkaing angkop sa panlasa ng lahat – magplano nang maaga upang hindi mo ito mapalampas!

Ang Vaughan Flavours ay isang proyekto ng Lungsod ng Vaughan na binuo upang higit pang suportahan ang mga lokal na negosyo bilang tugon sa malawakang pagpapataw ng taripa ng U.S. Ito ay nagmula sa Resolusyon ng mga Miyembro (PDF) nina Mayor Steven Del Duca at Konsehal Adriano Volpentesta ng Ward 2 upang bumuo ng isang paunang programa na naghihikayat sa mga residente at bisita na kumain sa Vaughan. Noong Abril 23, 2025, inaprubahan ng Konseho ng Vaughan ang ulat ng kawani (PDF) upang isagawa ang paunang programa ng Vaughan Flavours. Noong Hunyo 23, 2026, inaprubahan ng Konseho ng Vaughan ang ulat ng kawani (PDF) upang isagawa ang taunang summer at winter edition ng nasabing programa.

Upang tingnan ang mga menu at magpa-book ng mesa, magpunta sa visitvaughan.ca/**VaughanFlavours**.

**MGA PANIPI**

"Nasasabik akong ibahagi ang isang bagay na hindi lamang gagawing di malilimutan ang inyong summer – kundi masarap din. Mula Biyernes, Hulyo 24 hanggang Biyernes, Agosto 7, tuklasin ang pinakamahuhusay na maibibigay ng ating mga lokal na kainan sa pamamagitan ng Vaughan Flavours. Tipunin ang inyong mga mahal sa buhay at subukan ang bagong restaurant o bumalik sa isang paboritong dating lugar na kalahok sa programa. Mayroon talagang angkop para sa lahat,  mula sa lutuing Italian at Indian hanggang sa Japanese at Jamaican. Salamat muli kay Konsehal Adriano Volpentesta ng Ward 2 sa kanyang patuloy na suporta — labis akong natutuwa na muli nating isinusulong ang mahalagang proyektong ito. Huwag nang maghintay hanggang mapuno ang mga mesa — magpareserba na ngayon, suportahan ang mga lokal na negosyo at tamasahin ang espesyal na karanasan sa pagkain na ito na may takdang panahon lamang."

- Mayor Steven Del Duca

"Nasasabik akong maranasan ng lahat ang Vaughan Flavours! Higit pa ito sa isang programa sa kainan – ito ay pagdiriwang ng kultura, samahan, at husay sa pagluluto dito mismo sa ating lungsod. Ang bawat kalahok na restaurant ay handang tanggapin ka nang may maingat na binuong mga putahe na nagpapakita ng kanilang natatanging mga lasa at dedikasyon sa masarap na pagkain. Salamat kay Mayor Steven Del Duca sa kanyang patuloy na pamumuno sa buong pagsasagawa ng programang ito. Umaasa akong magpareserba kayo ng mesa — o higit pa — at masiyahan sa tiyak na magiging isa namang kahanga-hangang pagtatanghal ng masasarap na pagkain sa Vaughan!"

- Konsehal Adriano Volpentesta ng Ward 2

**MABILISANG KATOTOHANAN**

- Ang 2026 summer edition ng Vaughan Flavours ng Lungsod ng Vaughan ay gaganapin mula Biyernes, Hulyo 24 hanggang Biyernes, Agosto 7.
- Dalawampung kalahok na restaurant ang mag-aalok ng karanasan sa kainan, na may kasamang tatlong putaheng nakatakda ang presyo.
- Upang magpareserba ng mesa, bisitahin ang visitvaughan.ca/**VaughanFlavours** o direkta sa website ng restaurant.
- Ang kauna-unahang programa ng Lungsod na Vaughan Flavours ay isinagawa noong summer ng 2025.
- Ang Vaughan Flavours ay isang proyekto ng Lungsod na binuo upang higit pang suportahan ang mga lokal na negosyo bilang tugon sa malawakang pagpapataw ng taripa ng U.S. Ito ay nagmula sa Resolusyon ng mga Miyembro (PDF) nina Mayor Steven Del Duca at Konsehal Adriano Volpentesta ng Ward 2 na nag-uutos sa kawani na bumuo ng isang paunang programa na humihikayat sa mga residente at bisita na kumain sa Vaughan
- Ang Vaughan ay naging unang bayan sa Ontario na nagpatibay ng patakarang nagbabawal sa mga tagapagtustos mula sa U.S. noong unang bahagi ng Marso 2025. Noong Abril 2025, nagsimulang magbigay sa mag negosyo ang Lungsod ng libreng 'Vaughan Strong. Support Canadian' na mga welcome package na nilagyan ng mga kagamitan upang matukoy ang mga produktong gawa sa lokal at sa Canada na makikita sa mga tindahan, upang hindi na mahirapan ang mga mamimili sa pagpili sa oras ng pagbabayad Upang humingi ng welcomew package para sa iyong negosyo, makipag-ugnayan sa pangkat ng Economic Development sa ed@vaughan.ca.

**ALAMIN ANG HIGIT PA**

- visitvaughan.ca/**VaughanFlavours**
- Resolusyon ng mga Miyembro noong Marso 18 nina Mayor Steven Del Duca at Konsehal Adriano Volpentesta ng Ward 2 Vaughan Restaurant Festival (PDF)
- Abril 8, 2025, Ulat ng Kawani Vaughan Restaurant Festival – Summer 2025 Winter 2026 (PDF)
- Hunyo 16, 2026, Ulat ng Kawani Vaughan Restaurant Festival – Vaughan Flavours 2026 Progrgam Update
- Webpage ng Tourism Vaughan
- eNewsletter ng Tourism Vaughan
- eNewsletter ng Economic Development department
- LinkedIn ng Economic Development

-30-

**TUNGKOL SA VAUGHAN:** Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

**KONTAK NG MEDIA:** Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca